**Publicity and Information Advisory**
**October 17, 2021**

Hinggil sa: Unang COMELEC hearing ng cancellation case laban sa Kabataan PL
Para sa: Lahat ng balangay, kasapi, alyado at supporter ng Kabataan PL
Mula sa: Kabataan Partylist National Office

Timeline ng kaso:

- Noong June 2021, ang Office ng Solicitor General ay nagsampa ng kaso para sa NTF-ELCAC sa COMELEC upang ipakansela ang registration ng Kabataan Partylist. Kung pagbibigyan ng COMELEC, ang kanilang kaso ay magdidisqualify sa Kabataan PL na tumakbo at maboto ng kabataan at mamamayan sa pambansang eleksyon sa May 9, 2022.
- Nakatanggap ang Kabataan PL ng kopya ng kaso noong September 16, 2021 at nakapagsumite ng sagot sa COMELEC noong September 20, 2021. Ang laman ng kaso ay pawang mga gawa-gawang testimonya mula sa parade ng mga pekeng testigo na nagpopostura bilang NPA surrenderers. Ang paulit-ulit na akusasyon ay rekruter daw ang Kabataan PL, lalo si Kabataan Rep. Sarah Elago, ng mga kabataan na mag-armas laban sa gobyerno. (Ito ang link sa reply ng Kabataan PL sa mga akusasyon ng kaso: https://drive.google.com/drive/folders/1CtiQcm9gohAJb-yFd_i7vEIsrE417qWB?usp=sharing)
- Ang parehong mga akusasyon ay ginamit na sa dating mga kaso na sinampa ng mga ahente ng estado sa Kabataan PL. Parehong kaso ay binasura rin kapwa ng Department of Justice at ng Supreme Court dahil sa kawalan ng probable cause at ebidensya.
- Ang pre-markinag of evidence na pinasa ng NTF-ELCAC ay nakatakda sa October 18, 2021 habang ang unang hearing ng kaso ay nakatakda na sa October 19, 2021. Kung maging mabilis ang proseso maaaring isagasa at brasuhin na matanggal sa balota ang Kabataan PL bago pa ang eleksyon.

Panawagan at punto sa pagpapaliwanag:

*Defend genuine youth representation! Protect democratic spaces for youth political participation!*

- Takot ang estado sa kabataang Pilipino lalo sa mga kritikal at aktibong nagtutulak ng makatao't makabayang pagbabago sa kanilang komunidad at sa buong bansa kahit pa kontra ito sa mga patakarang pinapatupad ng gobyerno na nagpapahirap sa mamamayan.
- Ang Kabataan Partylist ang kauna-unahan, natatangi at tunay na representante ng kabataan sa kongreso. Sa loob ng dalawang dekada at limang termino sa loob ng kongreso mula noong 2007. Nanguna ang Kabataan sa pagpapasa ng mga batas tulad ng free tuition law, free public wifi law, at marami pang iba. Ngayon tinutulak ng Kabataan ang ligtas na balik-eskwela, student aid, proteksyon at suporta sa kabataang manggagawa at propesyunal, at iba pang programa na nakalatag sa youth agenda (Ito ang link sa latest copy ng youth agenda: https://www.facebook.com/permalink.php?story_fbid=10165598182650557&id=194908320556). Sa gitna ng pandemya, nanguna rin ang Kabataan sa pagtaguyod ng mga community kitchens, relief operations, learning centers para sa lahat ng apektado at nasalanta ng sakuna, sa kabila ng kriminal na kapabayaan ng rehimeng Duterte.
- Hindi na bago ang atake sa Kabataan Partylist at sa iba pang mga progresibong grupo, malinaw na hindi tinutugunan ng rehimeng Duterte ang hinaing ng taumbayan na siyang nagiging hadlang sa interes ni Duterte at mga alipores nito. Takot at pilit na ikinukubli ang masangsang at bulok na sistema ng kaniyang rehimen kung kaya't sa mga kritikal at makabayan na partylists nito ibinabaling ang mga bigong pangako nito sa taumbayan.
- Madalas hindi sinasama o kinikilala ang boses ng kabataan sa mga mahahalagang isyu at problema na tayo rin ang magmamana sa kinabukasan. Mas lalong lalala ito sa tangkang pagtanggal ng boses ng kabataan sa kongreso.

*Disqualify state-sponsored partylists! NTF-ELCAC keep out of congress! Uphold free and fair elections!*

- Hindi lamang ang Kabataan PL ang sinampahan ng kaso para mahadlangan ang kanyang pagtakbo sa 2022 elections kundi ang Gabriela Women's Party din na nakuha ang kanilang kaso noong huling taon pa. Ngunit sobrang bilis tumakbo ng proseso ng kaso ng Kabataan PL sa loob ng ilang buwan pa lamang. Samantala ang kasong isinampa natin sa Duterte Youth bilang pekeng partylist ay di pa umuusad.
- Sa kasalukuyan, 6 out of 7 COMELEC commissioners ay appointees ni Duterte at pagdating ng February 2022, lahat na ng commissioners ay pinili ni Duterte. Ang supply contractor din ng COMELEC para sa eleksyon ay ang F2 Logistics na pagmamay-ari ni Dennis Uy na isang kroni ni Duterte. Malinaw ang banta ng pandaraya ngunit kahit malayo pa ang eleksyon nagsisimula na ito sa pagpapatakbo ng Duterte admin ng NTF-ELCAC variant partylists na gumagamit ng pondo ng bayan sa mga operasyon nila para lang atakehin ang mga tunay na representante ng mamamayan.
- Kabilang sa mga ahente ng NTF-ELCAC na tatakbo ay sina Celine Pialogo ng Malasakit movement (representing frontliners), Mocha Uson at Michelle Gumabao ng Mothers for Change (representing mothers) at Eric Celiz ng Abante Sambayanan (representing NPA surrenderees). Habang tatakbo rin ang Duterte Youth. Balewala ang extension ng voter registration kung wala ring mga representanteng tunay na pagpipilian ang mga mamamayan.
- Ito ay paglabag sa prinsipyo ng checks and balances ng demokrasya at hakbangin tungo sa diktadura sa panghihimasok ng NTF-ELCAC maging sa kongreso. Pambabastos ito sa partylist system at sa buong lehislatibo. Ito ay pagdungis sa sagradong boto ng mamamayan. Maglulustay pa sila ng pondo at posisyon para harassin at iredtag lahat ng kokontra sa mga patakaran ng rehimeng Duterte.

*Defund and abolish NTF-ELCAC! Rechannel 30 B NTF-ELCAC funds to education and social services!*

- Sa kagustuhang kanselahin ng NTF-ELCAC ang registration ng KPL, kailangang malakas na ipanawagan na i-defund at i-abolish na ang NTF-ELCAC dahil wala silang matinong ambag sa taumbayan, kundi ang hangaring siraan ang mga tunay na nagsusulong ng interes ng taumbayan sa Kongreso.
- Si Duterte at NTF-ELCAC ang pangunaging panganib sa malinis at patas na eleksyon. Marapat lang na buwagin na ang NTF-ELCAC at ilipat ang pondo nito sa ligtas na balik-eskwela, ayuda, bakuna at iba pang panganagilangan ng mamamayan

Handling and Design of activities:

Hold accountable: Duterte-Marcos, NTF-ELCAC, ELCAC partylists
Mobilize: Members, allies, supporters
Enjoin: Congressmen, Election watchdogs, Politicians, youth-related organizations and institutions, other partylist

October 17: Unification, Release of change.org petition, collection of video support statements, prodwork @PLHQ

October 18: Marking of evidence, social media rally, release of video support statements, prodwork @PLHQ

1-2 pm Media Forum on Kabataan PL's Cancellation Case
7 pm Social media rally (DP frame, FB/twitter chain status, etc.)
#LabanKabataan
#YOUthRepresent

October 19: 1st COMELEC hearing of case, all-day alert updates and tit-for-tat and decentralized nationwide actions, discussions of updated KTAP voters education module with info on ELCAC partylists online and on ground (to mark as well 10 days before last day of registration)

9 am Centralized Youth-led Mobilization in front of COMELEC

10 am Hearing via Zoom (Prosecution presents evidence)
8 pm release of video unity statement
9 pm Twitter spaces on the Philippine Partylist System and representing the marginalized

October 21-27: Setting of alliance meeting to plan further activities under Kabataan PL, exposition of fake ELCAC variant partylists, peak of voter registration campaign, all week popularization of Kabataan PL achievements

[Suggested rough draft script flow for video support statements from allies and leaders]

“WE CONDEMN ______ against our only legitimate youth rep, ano ba NTF-ELCAC, ito pondo nyan dito ginagamit, in fact nagfield yan ng PL nominees, sino-sino yan.

What is PL? Who is KPL? Ito napapagtagumpayan na [specify relevant achievement na kaugnay ng school or speaker na nagsasalita]. Ito mga mapagtatagumpayan pa.

We are appealing to everyone to show support. [Insert italicized calls from paper above]

#LabanKabataan manindigan at kumilos para sa makatao’t makabayang pagbabago. Ipagtagumpay at ipagtanggol ang boses ng kabataan sa kongreso para sa edukasyon, kalusugan, trabaho at karapatan! #YOUthRepresent”

submit support statements video/otherwise here:
https://drive.google.com/drive/folders/1XFYoVdEtXNG8Ebo49ZBzbB7-1nVECkLm?usp=sharing

Calls:

Defend Genuine Youth Representation!
NTF-ELCAC keep out of congress!
No to redtaggers in congress!
Uphold free and fair election!
Defund and abolish NTF-ELCAC!
Kasama kami sa usapan! May say ang Kabataan!
Laban Kabataan para sa edukasyon, kalusugan, trabaho at karapatan!

Mahalaga ang boses ng kabataan dahil atin ang kinabukasan!Ilipat ang 30 B pondo ng NTF-ELCAC papunta sa Ligtas na Balik-Eskwela!
I-disqualify ang NTF-ELCAC variant partylists ni Duterte!
COMELEC, ibasura ang gawa-gawang kaso ng NTF-ELCAC laban sa kabataan!
Youth/(insert school, org, sector) represent! Ipagtanggol ang boses ng kabataan!